Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA PAARALANG ELEMENTARYA NG PAGSAWITAN NOONG IKA-5 NG ABRIL, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. .................................... | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar .................................... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez .................................... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison .................................... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon .................................... | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas .................................... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca .................................... | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan .......................... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco .................................... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor .................................... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. Heidi S. Ciriaco .................................... | Pang. Punong Bayan<br>On leave |

### KAPASIYAHAN BLG. 133-T'2000

**KAPASIYAHANG NAGBIBIGAY PRAYORIDAD SA MGA TAGA-SANTA CRUZ NA MAKAPASOK AT MAKAPAGTRABAHO SA MGA BAGONG ITATAYONG ESTABLISIMIYENTO O BAHAY-KALAKALAN SA BAYANG ITO.**

SAPAGKA'T, kapansin-pansin sa mga itinayong establisimiyento sa bayang ito na ang mga nagtatrabaho ay mga taga-ibang bayan;

SAPAGKA'T, marami sa mga mamamayan ng bayan ng Santa Cruz ang kwalipikado at nagnanais na makapagtrabaho upang maisaayos ang kanilang pamumuhay;

SAPAGKA'T, makakabawas sa bilang ng mamamayan sa bayang ito na walang hanap-buhay;

SAPAGKA'T, mapangangalagaan ang interes ng mga mamumuhunan at ng sambayanan;

KUNG KAYA'T DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. De Leon na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan at Edgardo T. Porca at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na bigyan ng prayoridad ang mga taga-Santa Cruz na makapasok at makapagtrabaho sa mga bagong itatayong establisimiyento o bahay-kalakalan sa bayang ito.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Tanggapan ng Pambayang Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad, Pambayang Manananggol, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.
PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa Kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad / Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan